# *Paano Gumawa ng Tamang Pagpapasya Yugto 14*

***"1 Nang mga araw ngang ito, nang dumadami ang bilang ng mga alagad, ay nagkaroon ng bulongbulungan ang mga Greco-Judio laban sa mga Hebreo, sapagka't ang kanilang mga babaing bao ay pinababayaan sa pamamahagi sa araw-araw. 2 At tinawag ng labingdalawa ang karamihang mga alagad, at sinabi, Hindi marapat na aming pabayaan ang salita ng Dios, at mangaglingkod sa mga dulang. 3 Magsihanap nga kayo, mga kapatid, sa inyo, ng pitong lalake na may mabuting katunayan, puspos ng Espiritu at ng karunungan, na ating mailalagay sa gawaing ito. 4 Datapuwa't magsisipanatili kaming matibay sa pananalangin, at sa ministerio ng salita. 5 At minagaling ng buong karamihan ang pananalitang ito: at kanilang inihalal si Esteban, taong puspos ng pananampalataya at ng Espiritu Santo, at si Felipe, at si Procoro, at si Nicanor, at si Timon, at si Parmenas, at si Nicolas na taga Antioquia na naging Judio; 6 Na siyang iniharap nila sa mga apostol: at nang sila'y mangakapanalangin na, ay ipinatong nila ang kanilang mga kamay sa mga yaon." (Mga Gawa 6:1-6 KJV)***

Magpapatuloy tayo sa mensaheng ito upang talakayin ang pananagutan ng simbahan upang patuloy na magtatag ng mga manggagawa, pinuno, matatanda, tagapangasiwa o Obispo na mangungun sa gawain ng Dios upang ibahagi ang Salita ng Dios at ng Kanyang kalooban sa mga tao na inaabot ng Panginoon sa pamamagitan ng Kanyang simbahan, at tulungan silang gumawa ng tamang paghirang at pagpapasya sa kanilang buhay. Para sa ganitong layunin ng simbahan ay dapat sundin ang Banal na Kasulatan upang malaman kung sino ang karapat dapat na punan ang tungkulin na kailangan mapunan upang ang paglilingkod sa Dios ay magpapatuloy at ang mga tao ay maayos na magabayan sa kanilang buhay at maturuang maayos upang gumawa ng tamang desisyon at gawin ang buong kalooban ng Dios.

Upang matutunan pa ang tungkol sa baggay na ito ating pagnilayan ang ***Mga Gawa 6:1-7***:

***"1 Nang mga araw ngang ito, nang dumadami ang bilang ng mga alagad, ay nagkaroon ng bulongbulungan ang mga Greco-Judio laban sa mga Hebreo, sapagka't ang kanilang mga babaing bao ay pinababayaan sa pamamahagi sa araw-araw." (Mga Gawa 6:1 KJV)*** Dito mauunawaan natin mula sa Banal na Kasulatan na ang simbahan ay lumawak kung saan ang bilang ng mga alagad ay hindi lamang tumaas kundi dumadami rin, at ang simbahan ay nagkaroon ng higit sa isang etnikong pangkat na isinama sa simbahan kung saan nabasa natin na ang mga Griyego ay nadagdag. Sa pagdami ng bilang ng simbahan ay nagkaroon din ng mga responsibilidad na tumataas na hindi lahat ay kayang tugunan. Ano ang patunay na hindi kayang tugunan? Batid natin iyon dahil mayroong pagrereklamo habang ang ibang mga balo ay napabayaan at hindi nabigyan sila ng pagkain. Ang mga apostoles ay mas higit na dinadalang mga pananagutan at sila'y walang ibang panahon na gawin ang ibang mga pananagutan. ***"2 At tinawag ng labingdalawa ang karamihang mga alagad, at sinabi, Hindi marapat na aming pabayaan ang salita ng Dios, at mangaglingkod sa mga dulang." (Mga Gawa 6:2 KJV)*** Hindi nila kayang maglingkod sa dulang dahil walang ibang gagawa ng Salita ng Dios kung gagampanan nila ng dulang at mamahagi ng pagkain sa mga tao. Bukod doon, ang mga dulang at ang ibang pang administratibong paglilingkod at magagawa at makakamit ng iba na walang kapangyarihang gawin iyon. Kaya dito ay kailangang pumili ng mga tao na aalalay sa gawaing ito ng Dios at kinakailangan nilang pumili nang maayos sa gayo'y walang iba pang kaguluhan.

Ang mga tao na nagrereklamo at may maraming kailangan ay dapat paglingkuran ng mga tunay na nakatuon na tao na may puso para sa Dios, at sa ganitong paraan ang mga problema ay hindi lalala o babalik. ***"3 Magsihanap nga kayo, mga kapatid, sa inyo, ng pitong lalake na may mabuting katunayan, puspos ng Espiritu at ng karunungan, na ating mailalagay sa gawaing ito." (Mga Gawa 6:3 KJV)*** Nagmungkahi ang mga apostol na pumili ng pitong lalaki na iniisip na nila na iyong bilang ay sapat na gawin ang kinakailangang gawain ng Dios. Sinabi ng mga apostol: ***"Magsihanap nga kayo, mga kapatid, sa inyo, ng pitong lalake"***, ibg sabihin ang mga taong pipiliin ay mula sa karamihan ay kilala nila. Ang mga apostol dito ay gumawa ng tamng desisyon upang pumili ng mabubuting tao na itatalaga na gawin ang gawaing iyong gamit ang sumusunod na pamantayan para sa pagpili:

***"lalaki na may mabuting katunayan":*** Na ang kanilang puso ay dalisay at malinis at may parehong kaisipan ng Dios, Sila'y walang masamang motibo . o pagibig sa salapi, o pagibig sa posisyon o nakatagong agenda para maglingkod. Bakit iyon mahalaga? Ang bagong mga tao na inaabot ng simbahan at maging ang umiiral na mga kasapi sila'y nabibigatan ng maraming kaguluhan at ang mga kaguluhang iton ay maaring matukso silang magreklamo kaya naman kailangan silang hawakan ng matatapat na tao na hindi makikisabay sa kanilang pagrereklamo, kundi tuturuan sila ng mga daan ng Dios. Ang mga taong may mabubuting katunayan ay ang mga taong nangangatakot sa Dios at handang gawin ang Kanyang kalooban. Ang gayong uri ng mga tao kapag sila'y itinalaga para sa serbisyo gagawin nila ang eksaktong trabaho, pati na rin sila'y magiging mabuting mga guro upang turuan ang mga tao at sanayin sila kung paano gumawa ng tamang pagpapasya at ipatupad ang mga ito.

***"puspos ng Espiritu":*** ang mga taong puspos ng Banal na Espiritu hindi lamang sila'y may Banal na Espiritu, kundi ang Banal na Espiritu ay mayroon sila. Sila'y naglilingkod sa Dios ng may mga kaloob ng Banal na Espiritu at sa patnubay ng Banal na Espiritu ng Dios. Ang mga taong may mga talento ngunit hindi sila puspos ng Banal na Espiritu sila'y naglilingkod sa Dios at ginagawa ang mga bagay ayon sa kanilang sariling kaunawaan at walang patnubay ng Banal na Espiritu ng Dios.

***"puspos ng karunungan":*** Sila'y may karunungan ng Dios, sila'y tagasunod ng Salita ng Dios at ng mgs kautusan ng Banal na Kasulatan. Nilulutas nila ang mga suliranin sa pagbabalik sa Dios, sa pagtatanong sa Kanya, pakikinig sa Kanyang tinig at nakikinig at natatakot sa Kanyang Salita at sa Kanyang mga utos.

Matapos imungkahi ng mga apostol ang pamantayang sinabi nila, ***"na mailalagay sa gawaing ito."*** Ibig sabihin sila'y inihalal bilang hinirang sila ng Dios at itinatag sila na gawin ang Kanyang gawain.

Ang mga apostol sa mga pamantayang inilagay nila para sa pagkakapili ay malinaw na ipinaabot sa lahat ang mga pamantayan na dapat gamitin ng simbahan sa pagtatalaga ng mga manggagawa. Ang mga ganitong pamantayan para sa mga manggagawa ay hindi lamang upang maisagawa ang trabaho kundi upang malutas ang mga problema, matugunan ang mga pangangailangan ng tao at maayos silang maturuan kung paano mamuhay para sa Dios at kung paano gumawa at magpatupad ng tamang desisyon sa kanilang buhay.

Ang ganitong wasto at tamang pagtatalaga ay higit pang magpapataas ng bilang sa simbahan dahil ang mga apostol ay magiging mas malaya at magkakaroon ng mas maraming oras upang gawin ang mas mahahalagang bagay ayon sa kanilang ipinahayag, ***"4 Datapuwa't magsisipanatili kaming matibay sa pananalangin, at sa ministerio ng salita." (Mga Gawa 6:4 KJV)*** Sila ay magkakaroon pa ng maraming oras sa pananalangin upang makipagkaisa sa Dios upang tanggapin ang Kanyang Salita at ang Kanyang aral, at sa huli'y ibigay iyon sa mga tao na nasa ilalim ng kanilang pangangalaga sa gayo'y maturuan at sanayin sila ng maayos kung paano mabuhay para sa Dios.

***"5 At minagaling ng buong karamihan ang pananalitang ito: at kanilang inihalal si Esteban, taong puspos ng pananampalataya at ng Espiritu Santo, at si Felipe, at si Procoro, at si Nicanor, at si Timon, at si Parmenas, at si Nicolas na taga Antioquia na naging Judio:" (Mga Gawa 6:5 KJV)*** Ang mga tao ay masaya at mapayapa dahil ginawa ng mga apostol ang mga bagay na malinaw sa pamantayan na itinatag nila upang pumili ng karapat dapat na mga manggagawa upang pamahalaan ang simbahan at kung paano gumawa ng tamang pagpapasya at lutasin ang mga problem. Ang simbahan nang naglagay ng malinaw na pamantayan na pumili ng mga mangagawa ang diablo ay tumahimik, ang mga problema ay nalutas, at ang pagtaas ay nalutas sa pag abot sa bagong mga tao. Dapat linawin ito ng simbahan sa lahat na ang karapat dapat lamang ayon sa pamantayan ang pipiliim at itatalaga para sa gawain, Sila ay itinalaga dahil may mga tiyak na problema na kailangang masolusyunan at may mga tiyak na pangangailangan na kailangang matugunan, at samakatuwid, iyon ang dahilan kung bakit kailangan silang umangkop ayon sa mga pamantayan.

***"at kanilang inihalal si Esteban, taong puspos ng pananampalataya at ng Espiritu Santo"***, dito sinasabi ang tungkol sa paghirang kay Esteban n kilala natin, tulad ng binasa natin sa ***Mga Gawa*** kabanata ***6*** at ***7***, kung ano ang kanyang ginawa at kung paanong ang kanyang buhay ay nagtapos sa pagpapahirap ng mga Judio. Narito sa pagpili sa kanya ay iba pang pamantayan na idinagdag.

***"taong puspos ng pananampalataya at ng Espiritu Santo":*** Puspos ng pananampalataya ibig sabihin, ang manggagawa ay kailangang puspos ng pananampalataya sa Dios, at ito ay nangangailangan na siya ay puspos ng pananampalataya sa mga sinabi ng Dios sa Kanyang Salita, at may lubos na pananampalataya sa mga itinakdang plano ng Dios para sa Kanyang simbahan upang ipamuhay.

***"at si Felipe, at si Procoro, at si Nicanor, at si Timon, at si Parmenas, at si Nicolas na taga Antioquia na naging Judio":*** Ang ibang mga lalaking pinili ay iba't ibang mga tao; alam natin kung ano ang ginawa ni Felipe at ang bahagi ng kanyang buhay na nabasa natin sa ***Mga Gawa 8*** kung paano siya nagtanim ng simbahan sa Samaria, at kung paano niya binautismuhan ang isang lalaki mula sa Ethiopia at kung paano siya nangaral ng ebanghelyo sa iba't ibang mga lungsod. ***"40 Nguni't nasumpungan si Felipe sa Azoto: at sa pagdadaan ay ipinangaral niya ang ewangelio sa lahat ng mga bayan, hanggang sa dumating siya sa Cesarea." (Mga Gawa 8:40 KJV)***, at kung paano siya naging mapagpatuloy sa simbahan at kung paano niya pinalaki ang kanyang apat na anak na babae sa kabanalan at sa takot sa Panginoon ***"8 At nang kinabukasan ay nagsialis kami, at nagsidating sa Cesarea: at sa pagpasok namin sa bahay ni Felipe na evangelista, na isa sa pito, ay nagsitahan kaming kasama niya. 9 Ang tao ngang ito'y may apat na anak na binibini, na nagsisipanghula." (Mga Gawa 21:8-9 KJV)***

***"at si Procoro, at si Nicanor, at si Timon, at si Parmenas, at si Nicolas na taga Antioquia na naging Judio":*** Makikita natin na ang bagong pinili at inihalala na mga pinuno ay hindi lamang mula sa Judio ngunit pati na rin

mula sa mga Gentil na nagbagong buhay, sa kanila ***"si Nicolas na taga Antioquia na naging Judio:"*** Dapat pumili at magtalaga ang simbahan ng mga manggagawa; ang mga karapat-dapat at may kakayahan para sa gawain mula sa anumang pangkat etniko.

***"6 Na siyang iniharap nila sa mga apostol: at nang sila'y mangakapanalangin na, ay ipinatong nila ang kanilang mga kamay sa mga yaon. (Mga Gawa 6:6 KJV)*** Ang kongregasyon ay tumulong sa pagpili ng mga tamang tao batay sa mga pamantayan ng apostol at dinala sila sa apostol upang ipatong ang kamay sa kanila upang ipasa sa kanila ang langis at ang mga kaloob ng Banal na Espiritu, at upang ibahagi sa kanila ang kapangyarihan at karangalan na kailangan nilang gawin ang trabaho.

***"7 At lumago ang salita ng Dios; at dumaming lubha." (Mga Gawa 6:7 KJV)*** Ang bunga ng makaDios na desisyong iyon at ang bunga ng pagpili sa mg lalaking maglilingkod sa Dios at batay sa pamantayan mula sa Salita ng Dios ay naghatid ng mga sumusunod:

***1. Ang problema ay nalutas:*** Natugunan ang pangangailangan ng mga tao. Nasiyahan ang mga balo at nawala ang pagrereklamo.
***2. Lumawak ang Salitang Dios:*** mas maraming oportunidad ang nabuksan upang ipalaganap ang Salita ng Dios. Mas maraming evangelismo at maraming lugar ang naabot ng mabuting balita ng katotohanan.
***3. Ang bilang ng mga alagad ay lubos na dumami sa Jerusalem:*** Nagpatuloy ang karagdagang pagpaparami ng bilang ng mga alagad.
***4. Isang dakilang grupo ng mga pari ang sumusunod sa pananampalataya:*** Ang mga taong labis na matigas at tumututol sa pananampalataya ay ngayon ay lumapit at nanampalataya kay Cristo.

***"2 At ang mga bagay na iyong narinig sa akin sa gitna ng maraming saksi, ay siya mo ring ipagkatiwala sa mga taong tapat, na makapagtuturo naman sa mga iba.." (2 Timoteo 2:2 KJV)*** Dito, tinuturuan ni Apostol Pablo si Timoteo na kailangan niyang ipagkatiwala ang aral na natanggap niya mula kay Pablo sa mga tapat na tao. Ang mga tapat na ito ay dapat ding may kakayahang magturo at ipasa ang parehong kaalaman sa iba. Ang ibig sabihin ni Pablo na sabihin kay Timoteo ay kasama ang maraming saksi. ***"At ang mga bagay na iyong narinig sa akin sa gitna ng maraming saksi"***, na ang aral na tinanggap ni Timoteo mula kay Pablo ay sinunod at sinang ayunan ng marami na batid at kilala ni Timoteo. Kaya, kailanganga ibahagi ni Timoteo ang parehong aral sa iba at hindi upang malihis at magturo ng ibang doktrina ar ibang paraan ng buhay. Kung gagawin niya iyn kung gayon ang mga ibang mga saksi ay magtatanog kay Pablo kung bakit ginagawa ni Timoteo ang gayong walang kaayusan at at sila'y malilito. Sa parehong paraan para sa atin bilang isang simbahan kailangan nating sundin ang parehong turo upang walang kalituhan at walang pagkakahati-hati sa ating mga manggagawa.

***Ang pamantayan para sa pinahintulutang manggagawa***

Ang Simbahan ng Dios, United Arab Emirates at ang lahat ng mga kapisanan sa ilalim ng pangangalaga nito ay pinagtibay ang sumusunod na pamantayan para sa pinahintulong manggagawa upang ihalal an gaming mga manggagawa:
*1. Ang tunay na pagbabalik-loob na kinakailangan ay ang manggagawa ay dapat alalahanin ang isang sandali, isang desisyon na siya ay tumalikod mula sa mga kasalanan at nagpasya na sundan si Cristo. Ito ay kasama rin ang pagsisisi, pananampalataya kay Jesus, patotoo ng buhay, at bautismo sa tubig.*
*2. Matatag sa doktrina na siya ay may kaalaman sa mga daan ng Dios at kung paano nais ng Dios na mamuhay ang Kanyang bayan.*
*3. Espiritwal na disiplina sa pamamagitan ng araw-araw na pagsasanay sa panalangin, pagbabasa at pag-aaral ng Bibliya, pagsamba at pagpuri, at sa pag-aayuno ayon sa pangunguna ng Banal na Espiritu.*
*4. Pangako sa lokal na simbahan na kinabibilangan ng walang palyang pagdalo, pagtugon sa mga pangangailangang pinansyal sa pamamagitan ng walang palyang pagbibigay ng ikapu, pagbibigay ng mga unang bunga at alay, at sumang-ayon at makisama sa pananaw at pamunuan ng simbahan. Maaaring bigyan ng Dios ang bawat mananampalataya ng pananaw, ngunit ang mga indibidwal na pananaw na ito ay dapat sumabay sa pananaw ng simbahan.*
*5. Magandang Pamamahala para sa oras, talento, yaman at pera. Dapat mahusay ang manggagawa sa pamamahala ng mga yaman na ito, at alam kung paano gumastos ng matalino.*
*6. Responsibilidad sa pamilya. Dapat mahusay na pamahalaan ng manggagawa ang kanyang mga responsibilidad bilang asawa at magulang.*
*7. Responsibilidad sa trabaho. Dapat handang magtrabaho ang manggagawa sa isang sekular na trabaho tuwing kinakailangan bukod sa kanyang ministeryo.*
*8. Moral na kalinisan (Walang mga gawa ng laman) at walang masamang bisyo, (walang paninigarilyo at walang pag-inom).*
*9. Magandang katangian at pag-uugali, dapat magkaroon ang manggagawa ng personal na integridad, at taglayin ang bunga ng Espiritu Santo.*
*10. Maingat na anyo sa pananamit, pananalita, asal, at estilo ng buhay na nagbibigay kasiyahan sa Dios.*

*11. Maging mabuting mamamayan, sumusunod sa mga batas ng bansa, nananalangin para sa mga pinuno ng mga bansa at nagpapahayag ng evangelio sa mga naliligaw.*

***Bakit kailangan nating gumamit ng pamantayan para sa pinahintulong manggagawa?***

1**.** Tinawag tayo ng Dios upang makipagtulungan sa matapat na mga tao; ***"2 At ang mga bagay na iyong narinig sa akin sa gitna ng maraming saksi, ay siya mo ring ipagkatiwala sa mga taong tapat, na makapagtuturo naman sa mga iba.." (2 Timoteo 2:2 KJV)*** Ang mga hindi nakatuon sa Panginoon at sa Kanyang Salita ay mga taong suwail.
2. Ito ang ating integridad at katapatan sa Dios at sa simbahan na ipinagkatiwala Niya sa atin. Ayon sa Bibliya, ang mga pamantayan na ginagamit natin ay naaayon sa Kasulatan at sumasang-ayon sa praktikal na pagsisikap at doktrina ng Simbahan ng Dios.
3. Walang sinuman ang dapat mag-isip na ang kanilang suwail na pag-uugali at kakulangan ng buong pagtatalaga ay maaaring mapunan ng kanilang mga talento o pera. Para bang binibili nila ang kanilang sariling kaligtasan. Sinasabi ng Kasulatan. ***"9 Hindi sa pamamagitan ng mga gawa, upang ang sinoman ay huwag magmapu." (Epeso 2:9 KJV)***
4. Ayaw naming bigyang daan ang pakikipagkompromsio sa simbahan at sa paglilingkod sa Panginoon dahil ito ay pag anyaya para sa gawian ng masama.
5. Upang iwasan na ang iba ay simulang sumuway, makipapagkompromiso at hindi sundin ang tama.
6. Kung ang mga suwail ay magiging bahagi ng serbisyo ng Dios, ano ang imahe na maibibigay natin sa mga hindi naniniwala at sa mga nasa labas ng simbahan? Ang mga gawain ng pagsuway ay kinabibilangan din ng mga tradisyon, gawi at mga asal na salungat sa Salita ng Dios.
7. Kung tayo ay magbibigay ng ministeryo sa mga suwail, magiging napakahirap na ayusin sila at mahirap kapag aalisin natin ito mula sa kanilang mga kamay.
8. Habang nililinis natin ang simbahan mula sa mga suwail na tao at hindi pinapayagang hawakan ang mga banal na bagay, ang mga pagpapala ng Dios ay lalago sa atin at lalo pa Siyang magdaragdag sa Kanyang simbahan.
9. Ang ganitong pagtatatag ay magpapalayas ng mga lobo. Magliligtas sa atin sa pag-aaksaya ng pagsisikap, oras, at pera, at upang maiwasan ang pagkakahati-hati at di pagkakasundo sa hinaharap.
10. Ang ganitong pagtatatag ay mag-aakit ng mas maraming tupa na pumasok sa kulungan. Ang ganitong pagtatatag ay nagsisilbing inspirasyon sa iba upang hanapin ang Panginoon at makipagtulungan sa Kanya upang pagbutihin ang kanilang mga katangian at ugali at magtrabaho upang pagbutihin ang kanilang mga sarili bilang mga tapat na tagapaglingkod ng Dios, tulad ng ating nabasa. ***"15 Pagsikapan mong humarap na subok sa Dios, manggagawang walang anomang ikahihiya, na gumagamit na matuwid ng salita ng katotohanan." (2 Timoteo 2:15 KJV)***

Sa gayong paraan ang simbahan ay magiging mabuting kapaligiran sa mga handang lumakad sa Dios at iyon ay magiging mabuting kapaligiran para sa maraming mga alagad at mangagawa na magtatag pa at maraming mga alagad at manggagawa na sumama sa simbahan.

Bilang simbahan ginamit namin ang pamantayang ito upang pumili ng mga manggagawa at subaybayan ang aming manggagawa at turuan sila at tulungan sila na kunin at tanggapin kung anong kulang upang ang kanilang ministeruo ay maging mabunga.

***Sa aking mahal at minamahal:*** Para sa paggawa ng tamang desisyon, ang simbahan ay dapat magpatuloy na magtataas ng mga may kakayahang manggagawa na tutulong sa mga kasapi ng simbahan at sa mga bagong nahalal na bumuo at ipatupad ang tamang desisyon sa kanilang buhay. Dapat malaman at sundin ng simbahan at ng bawat manggagawa at pinuno ng simbahan ang mga pamantayang ipinatutupad ng simbahan upang pumili ng mga may kakayahang manggagawa.

Kapag ang simbahan ay gumawa ng tamang desisyon at ang bayan ng Dios ay sumunod sa mga tagubilin ng Salita ng Dios, ang Espiritu ng Dios ay mangunguna sa atin at gagawa ng mga makapangyarihang gawain. Kaya't lumapit tayo ngayon sa Dios. Suriin ang iyong sarili at tingnan kung nasaan ka batay sa ating nabasa at pinag-aralan. Tignan ang iyong sarili at tingnan kung ano ang mayroon ka at kung ano ang kulang sa mga katangiang ito at mga pamantayan ng inaprubahang manggagawa upang maging epektibong manggagawa sa simbahan ng Dios.

Pagsisihan mo ang iyong mga kasalanan at maging handa na makipagtulungan sa Dios upang makamit ang kulang sa mga pamantayang ito upang ikaw ay maging tapat at masaganang manggagawa sa simbahan ng Dios. Gawingb posible na ngayon upang sumunod sa Kasulatan at simulan ang paglakad kasama ang Dios at sundin ang Kanyang kalooban. Lumapit sa Dios at maging handa na paglingkuran Siya at maging pagpapala sa ibang tao na nangangailangan ng tulong upang magabayan sila sa tamang desisyon sa kanilang mga buhay para sa Dios.

Manalangin tayo…..

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay na maguli mula sa mga patay upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat para sa iyong salita na nagturo sa akin ng iyong mga daaan at king paano mo nais kong isabuhay ang aking buhay para sa iyo at paano maglingkod sa iyo. Panginoon salamat para sa pamantayan na ipinakita mo sa akin mula sa iyong Salita na nagturo sa akin ng mga pananagutan patungo sa iyo, patungo sa aking pamilya, patungo sa iyong simbahan, patungo sa aking trabaho at tungo sa lipunan na nkapaloob akong namumuhay. Panginooon salamat para sa lahat ng pagtutuwid at ng pagsuway na Aking tinanggap mula sa iyo sa pamamagitan ng iyong mensaheng ito sa akin.*

*Ipagtapat mo na ngayon ang iyong mga kasalanan at talikuran ang mga ito. Ipagtapat ang iyong mga pagkukulang sa ilang pamantayan na hindi mo pinatili nang maayos. Ipagtapat ang iyong pagkukulang sa pagbabasa ng Salita ng Dios, kakulangan sa mga panalangin, at ang iyong kakulangan sa pagbibigay ng ikapu at ang iyong hindi regular sa pagdalo sa pagsamba sa simbahan at sa mga ministeryo nito. Ipagtapat ng iyong pagkukulang sa pagtugon sa mga pangangailangan ng iyong pamilya, sa pagdidisiplina sa iyong mga anak at sa pag-aayos ng iyong tahanan. Ipagtapat ang pagiging masamang halimbawa sa iba sa paligid mo. Ipagtapat ang iyong masamang pamamahala, ang iyong katamaran, at ang iyong pagkukulang sa pagtatrabaho at kumita ng para sa iyong kabuhayan. Ipagtapat ang iyong kakulangan sa bunga ng Banal na Espiritu at ang iyong masasamang ugali at saloobin. Ipagtapat ang iyong kawalang malasakit sa mga naliligaw na mga kaluluwa at ang iyong kawalang pagnanais na ibahagi ang evangelio sa kanila. Ipagtapat at talikuran ang iyong pagnanasa, mga immoralidad, mga kasinungalingan, galit, pakikipag-away, katiwalian, kawalang-katarungan, pagiging makasarili, at ang iba pang mga kasalanan. Panginoon, patawarin mo ako, ako ay nagsisisi sa mga sumusunod na kasalanan ____________________.*

*Panginoon Ipinangako ko ang akong sarili sa aral na aking natanggap sa mensaheng ito. Panginoon Ipinangako ko anng akng sarili upang makipagtulungan sa iyo na maging isang mabuting manggagawa at lingkod mo, na magiging marangal na daluyan upang dalhin ang Iyong Salita at ang mensaheng ipinapadala mo sa mga tao sa paligid ko at sa mga nasa ilalim ng aking pangangalaga. Panginoon, iniaalay ko ang aking sarili upang ituwid ang mga maling katangian at saloobin na aking inamin sa Iyo. Panginoon, iniaalay ko ang aking sarili upang magtrabaho nang mabuti para kumita para sa aking kabuhayan at gawin ang aking bahagi para sa aking pamilya at disiplinahin ang aking mga anak at itaas sila sa takot sa Dios. Panginoon, handa akong ituwid ang mga sumusunod na masamang saloobin at katangian sa aking sarili________________*

*Panginoon, Ipinangako ko na maging magandang halimbawa sa iba. Panginoon, Ipinangako ang aking sarili na magbunga ng higit pang ng Banal na Espiritu; pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, kabaitan, kabutihan, pasensya, pananampalataya, pagtitiyaga, matiyaga at pagpipigil sa sarili, upang makita ng mga tao si Cristo sa akin. Panginoon, Ipinangako ko ang aking sarili na maging mabuting mamamayan sa bansang inilagay mo sa akin at manalangin para sa mga nasa kapangyarihan at lumabas upang mangaral at abutin ang mga naliligaw.*

*Panginoon, salamat sa aking mga Kapatid na nangagsisi at bumalik sa iyo, na nagtataguyod na mamuhay sa kabanalan, na magsisilbi sa iyo at gagawin ang iyong kalooban. Panginoon, pagpalain mo sila, bigyan mo sila ng mga pangangailangan, suportahan mo sila kasama ng kanilang mga pamilya at mga ministeryo at ibigay mo ang lahat ng kanilang pangangailangan upang patuloy silang makapaglingkod sa iyo.*

*Panginoon kami ay nagpapasalamat sa iyo bilang isang simbahan para sa mga pamantayan sa pagpili ng mga manggagawa na iyong ibinigay sa amin. Panginoon pagpalain mo ang lahat ng aming mga tapat na manggagawa at gantimpalaan sila para sa lahat ng kanilang mabuting serbisyo at ministeryo sa Iyo. Panginoon dagdagan mo kami ng mas maraming tapat na manggagawa sa mga larangan at mga ministeryo na kailangan naming tulungan sa iyong mga gawain. Panginoon puspusin mo kami muli ng Banal na Espiritu at bigyan kami ng mga kaloob na espiritwal na kailangan namin upang lumakad at mangaral, gumawa ng mga bagong alagad, sanayin ang mga bagong manggagawa, at magtayo ng mga bagong pag-aaral sa Bibliya at mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon pagpalain at tuparin nawa ng ang pananaw ng simbahan, "Pagpaparami sa kapayapaan sa pagsasakatuparan ng buong kalooban ng Dios." Panginoon pagpalain kami, palawakin mo ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay, at ilayo kami mula sa pinsala upang hindi kami makaramdam ng sakit. Nawa'y ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pag-ibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos

United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316 2014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com